SO WHAT

- Ano sa palagay mo ang kahalagahan ng pag-abot sa susunod na henerasyon?
- Sa iyong palagay, madali ba o mahirap magtiwala sa mga kabataan? Bakit o bakit hindi?
- Ano ang mga ilang kaparaanan upang epektibong maipangalat ang Salita ng Diyos sa mga kabataan?

NOW WHAT

- Sang-ayon ka ba na mas higit pa sa mga mamahayag sa lipunan, na ang simbahan ay mayroong mas malawakang papel na ginagampanan upang hubugin ang pag-uugali ng ating mga kabataan sa ngayon at sa kinabukasan? Ano ang iyong bahagi rito?
- Ikaw ba ay "sadyang nanghahawa" sa pag-abot sa mga susunod na henerasyon? Sa paanong mga kaparaanan?
- Papaano mo ibabahagi ang Salita ng Diyos sa mga kabataan hindi lamang sa iyong bansa maging ito man ay sa maraming bansa?

PRAYER

- Ipanalangin na nawa'y ang Diyos ang magbigay sa iyo ng masidhing pagnanais na abutin ang mga kabataan at ipanalangin na taglayin ang talino na makapaghanda ng mga mamumuno sa mga bawat *campus* at sa bawat bansa.
- Hilingin sa Diyos na mas marami pang kabataan ang sumunod sa Salita ng Diyos nang sa ganoon sila ay makapagbahagi din sa iba.
- Manalig na mas marami pang pintuang bubukas at mga taong nararapat na tumulong sa pangmatagalang pagmimisyonero upang itatag ang gawain sa bawat *campus* sa bawat bansa.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 **FILIPINO**

Bawat Campus



NOTES

CONNECT

- Ano ang unang mong naiisip kapag narinig ang salitang "kabataan?"
- Kung pupwede kang maging dyesesais sa isang araw, ano ang kayang-kaya mong gawin na hindi mo nagagawa ngayon?
- Mayroon ka bang mga guro o tagapagturo? Ano ang mga pinakamainam na mga aral ang naituro nila sa iyo?

WORD

[19]Ituro ito sa inyong mga anak. Sabihin ninyo ito kapag naroon kayo sa inyong bahay at kapag naglalakad kayo, kapag nakahiga kayo o kapag kayo'y babangon. [20]Isulat ninyo ito sa hamba ng inyong mga pintuan at sa pintuan ng inyong lungsod, [21]para kayo at ang inyong mga anak ay mabuhay nang matagal doon sa lupaing ipinangako ng Panginoon na ibibigay sa inyong mga ninuno. Maninirahan kayo rito hanggang may langit sa ibabaw ng mundo. DEUTERONOMIO 11:19-21 (BASAHIN RIN ANG DEUTERONOMIO 11:22,23.)

WHAT

Ang panahon ng ating kultura ay kasagsagan ng kagamitang elektronik at ng sosyal midya—mabibilis na paraan upang mapalaganap ang impormasyon. Ang mga may edad ang lumikha ng mga bagay na ito at lingid man sa kanilang kaalaman o sadyang alam nila, ang ganitong kultura ay may masamang epekto sa nakararaming kabataan. Tayo ay iglesiyang may malasakit para sa iba't ibang salinlahi at hindi lamang tayo nagpapadala sa panandaliang pagbabago ngunit sa isang ganap na pagbabago na tumatagal sa mahabang henerasyon na kung saan nagpupumilit sumulong (Mateo 11:12). Nang magkagayon, tinawag tayong magturo ng Salita ng Diyos sa mga kabataan sa paraang epektibo. Papaano natin ito isasaayos?

1 Sa sadyang pagtuturo ng Salita ng Diyos

Ituro ito sa inyong mga anak. Sabihin ninyo ito kapag naroon kayo sa inyong bahay at kapag naglalakad kayo, kapag nakahiga kayo o kapag kayo'y babangon. DEUTERONOMIO 11:19

Ang mga kabataan ngayon ay lantad sa gawa ng midya na siyang humuhubog sa kanilang pagkatao na nagiging daan upang 'di pagpahalagahan ang Salita ng Diyos. Bilang simbahan, kailangan nating sadyaing itatag ang kaharian ng Diyos na pangmatagalan ng pag-abot sa mga kabataan gamit ang Salita ng Diyos, kundi baka mangyari na "ang sumunod na salinlahi ay hindi nakikilala ang Panginoon" (Hukom 2:10). Paano nakatutulong ang katotohanang ito sa iyo? Ikaw ba ay nakapagbabahagi ng Salita ng Diyos sa mga kabataan? Bakit? Bakit hindi?

2 Sa pamamagitan ng pagtitiwala sa susunod na henerasyon na sumunod sa Salita ng Diyos

[16]Sumagot sila kay Josue, "Gagawin namin ang lahat ng sinasabi n'yo, at pupunta kami kahit saan n'yo kami ipadala. [17]Susunod kami sa inyo gaya ng pagsunod namin kay Moises. Samahan nawa kayo ng Panginoon na inyong Diyos gaya ng pagsama niya kay Moises. MGA GAWA 6:7

Si Joshua ay pinagkatiwalaang ipagpatuloy ang sinimulang pamumuno ni Moises at ng mga nakatatanda ang naghimok sa kanya na siya ay mamuno sa pamamagitan ng pamantayan ng Diyos. Gayun din, kapag pinagkatiwalaan natin ang kabataan na sumunod sa Salita ng Diyos, makikita rin natin na sila ay magiging "nakakahawa" sa pag-abot nila sa mga tao na saan man sila mapadpad at sa lahat ng kanilang gagawin, na maliwanag sa kanilang pangitain at misyon na sila ay gagawa ng mga disipulo. Papaano natin mapapasigla ang mga susunod na henerasyon na sumunod sa Diyos?

3 Sa pamamagitan ng pagsasanay sa kanila sa pagpapalaganap ng Salita ng Diyos sa bawat campus sa buong mundo

[19]"Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo." MATEO 28:19,20

Ang Salita ng Diyos ay hindi lamang hanggang pangtahanan. Si Pablo ay pumaroon sa iba't-ibang mahahalagang lugar sa lungsod ng Empero ng Roma na nakapagtatag ng mga iglesiya sa mga malalaking lungsod. Gayun din naman, kailangan natin silang puntahan kung saan sila naroroon—tulad ng mga *campus*. Bakit? Ayon sa kasaysayan, nasasabi na ang mga namumuno, mahahalagang kaugalian at mga kilusan sa ating lipunan ay nagmumula sa paaralan sa buong mundo. Sa pag-abot sa mga kabataan, tinutulungan nating hubugin ang kinabukasan ng ating bansa ayon sa Salita ng Diyos. Sinasanay ba ang ating kabataan na mamumuhay ayon sa Salita ng Diyos?